# Pagkonekta sa Pagsasalin sa Cisco Webex – *Gabay sa Mabilisang Pagsisimula*


Ang Cisco Webex ay isang panteknolohiyang program na nagbibigay-daan sa mga tao na kumonekta sa parehong meeting mula sa anumang lugar sa pamamagitan ng video. Puwedeng gumamit ang iyong hukuman ng Webex para magsagawa ng mga paglilitis ng hukuman. Sasabihin sa iyo ng gabay na ito kung paano sumali sa iyong interpreter sa Webex kung humiling ka nito para sa iyong paglilitis sa hukuman. *Pakitandaan: Ang impormasyon dito ay puwedeng magbago sa pamamagitan ng mga update sa hinaharap sa Webex.*

Ang gabay na ito ay para sa paggamit sa mga computer, tablet, o smartphone. *Inirerekomendang i-download mo ang libreng Webex application sa iyong device para magkaroon ng higit pang access sa lahat ng feature nito.* Kung hindi mo ma-access ang Webex sa isang computer, tablet, o smartphone, makipag-ugnayan sa hukuman.

## 1 SUMALI SA MEETING

Buksan ang natanggap mong imbitasyon sa meeting sa Webex mula sa hukuman. Piliin ang button na "Join meeting" sa itaas ng imbitasyon sa meeting. O kaya, piliin ang link ng meeting. *Tiyaking sumali nang ilang minutong mas maaga.*

*Puwede ring magsama ang website ng hukuman ng mga direktang direct para mag-appear sa pamamagitan ng video o telepono.*




Piliin ang button na "Join meeting"


Piliin ang link





## 2 ILAGAY ANG IYONG IMPORMASYON

Ilagay ang iyong pangalan (kailangan) at email address (opsyonal). Piliin ang "Next" o "Join as a guest."

*Tiyaking ilagay ang iyong buong pangalan para makilala ka ng hukuman. Hindi mo na mapapalitan ang pangalan mo kapag nasa meeting ka na.*





Sa computer




Sa isang tablet o smartphone


***TANDAAN (Access sa Computer Lang):***

*Sa pagitan ng mga hakbang na ito, puwede kang i-prompt ng Webex na gamitin ang Webex application. Kung hindi mo pa na-download dati ang Webex application sa iyong, piliin ang "Join from your browser."*





## 3 PAYAGAN ANG WEBEX NA I-ACCESS ANG IYONG CAMERA AT MIKROPONO

Piliin ang "OK" kung ipa-prompt ka ng Webex na payagan ang access sa iyong camera at mikropono.





Sa computer





Sa isang tablet o smartphone

## 4 I-MUTE ANG IYONG MIKROPONO AT SIMULAN ANG IYONG VIDEO

Mapupunta ka sa isang virtual na lobby. Mula rito, i-mute ang iyong mikropono at i-on ang iyong video. Kapag may pulang slash sa mga ito ang iyong mikropono o camera, naka-off ang mga ito. Tiyaking ang icon ng mikropono mo ay may pulang slash (naka-mute) at walanga ganoon ang iyong camera (naka-on).




Sa isang tablet o smartphone




Sa computer


5

## SUMALI SA INTERPRETATION


Bago sumali sa meeting, piliin ang iyong wika para sa pagsasalin.

- Computer: Piliin ang icon na globo. Gamitin ang drop-down na menu para piliin ang wikang gagamitin mo sa pagsasalita at gusto mong marinig.
- Tablet o smartphone: Pumunta sa menu na “More” (tatlong tuldok). I-tap ang tab na “Advanced” sa kaliwa, at pagkatapos ay piliin ang “Interpretation.” Piliin ang wikang gagamitin mo sa pagsasalita at gusto mong marinig.

*Tandaan: Puwede mong gamitin ang slider para i-adjust ang ratio ng volume na gusto mo sa pagitan ng interpreter at mga orihinal na speaker.*




*Tandaan: Dapat mong piliin ang “Join” o “Join meeting” para makita ka ng host at mapapasok sa meeting.*



## MGA TIP PARA SA PAGLAHOK SA IYONG ISINASALING REMOTE NA PAGLILITIS SA HUKUMAN

1. Pumili ng lugar tahimik na lugar kung saan puwede kang manatili nang hanggang sa ilang oras nang hindi naaabala at nang hindi mo kailangang gumawa ng ibang bagay, gaya ng trabaho o pagmamaneho. Lubos na inirerekomendang pumili ka ng tahimik na lugar ng iyong bahay o isang pribadong lokasyon.
2. Tingnan kung naaangkop para sa hukuman ang iyong background.
3. Depende sa kalendaryo ng hukuman, posiblang kailanganin mong maghintay sandali bago matawag ang iyong kaso. Posibleng ilagay ka sa isang waiting room hanggang sa tawagin ka.
4. Magdamit nang naaangkop. Kahit hindi ka pupunta sa hukuman nang personal, dapat magpakita ng respeto sa hukuman ang pipiliin mong damit. Pumili ng damit na maisusuot mo sa isang propesyonal na opisina o pangnegosyo.
5. Makinig at magsalita lang sa iyong wika sa pamamagitan ng interpreter.
6. Magsalita nang mabagal at huminto nang madalas para magkapagsalin ang interpreter. Puwede mong hilingin sa interpreter na ulitin o ipaliwanag ang pagsasalin. Gayunpaman, ang hukom o ang iyong abogado ang dapat magpaliwanag ng mga legal na termino.
7. Kausapin ang hukom na “Your Honor.”
8. Sabihin sa hukom kung wala kang marinig o kung nakakaranas ka ng mga teknikal na problema.
9. Huwag mang-abala. Kung mayroon kang tanong, puwede mong gamitin ang icon ng “Raise Hand” sai ilalim ng “Reactions” sa toolbar. Maglalagay ito ng maliit na kamay sa tabi ng iyong pangalan at video para alertuhan ang iba na mayroon kang tanong.
10. Manatili sa camera sa lahat ng pagkakataon. Tandaang makikita ka ng iba kapag naka-on ang iyong camera.
11. Manatiling naka-mute maliban na lang kung nagsasalita ka. Tandaang maririnig ka ng iba maliban na lang kung naka-mute ang iyong mikropono.
12. Bisitahin ang webpage na Remote na Pagsasalin sa Video (Video Remote Interpreting, VRI) ng Hudisyal na Konseho ng California para sa higit pang impormasyon sa pagdalo sa mga remote na paglilitis ng hukuman.